APRIL 2023 ISSUE

IMUS, MAHAL KONG BAYAN

# BANAAG

Official Newsletter Publication of the City Government of Imus



## 55,000 Imuseño, nakisaya sa AAlab Imus Summer Music Fest 2023

CITY of Imus Grandstand and Track Oval — Tinatayang umabot sa 55,000 Imuseño ang umalab ang gabi sa AAlab Imus Summer Music Fest 2023 nitong Abril 29, 2023.

Handog ito ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pangunguna ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula at ni Congressman Adrian Jay "AJ" Advincula para sa mga Imuseño, higit sa mga kabataan.


**TOURISM**
| Page 2
* AAlab Imus Summer Music Fest 2023

**SPORTS**
| Page 3
* AJ Cup Inter-Cluster Basketball Tournament

**EDUCATION**
| Page 4
* Binhing Advincula
* City College of Imus - Tech Voc Department Commencement Exercises Batch 1 - 2023

**SOCIAL SERVICES**
| Page 5
* Hapag sa Barangay Project
* Nego-Karts ng DOLE

**ENVIRONMENT**
| Page 8
* Earth Day 2023

**ENVIRONMENT**
| Page 8
* Kick-off Ceremony (MR-OPV SIA)




*Mula sa Pahina 1*

Sa kaniyang pagbati, inilahad ni Cong. AJ na isa ang libreng concert sa mga daan upang mailayo ang mga kabataan mula sa mga bisyo, lalo na sa banta ng iligal na droga.

Tampok dito ang astig na performances ni Pop Rock Royalty Yeng Constantino, ng mga bandang Hale, at Parokya ni Edgar.

Sinorpresa rin ng sikat na mananayaw na si Jopay, aktor na si Diego Loyzaga, at aktres na si Franki Russell ang mga Imuseño sa kanilang pagkanta, pagsayaw, at pagpapaalala sa kahalagan ng pag-iwas sa ipinagbabawal na gamot.

Hindi rin nagpahuli ang mga musikerong Imuseño na Coherent, The Sun, Joana x Hotspot, si VJ Advincula, at si Jeremiah Tiongco.

Samantala, nakakalap ng humigit-kumulang 130,000 views ang live feed ng concert na ipinalabas sa official Facebook page ni Cong. AJ.

Kasabay ng kaniyang pangungumusta, pinasalamatan ni Mayor AA ang mga tanggapan at grupo na nagtulong-tulong para sa matagumpay na pagdaraos ng music festival.

Kabilang na rito ang City of Imus Tourism and Heritage Office, Imus City Information Office, Office of the City Mayor, Congressman's Office, Imus City Engineering Office, General Services Office, Imus City Health Office, Imus City Disaster Risk Reduction and Management Office, Imus City Environment and Natural Resources Office, Civil Security Unit, Philippine National Police Imus, Philippine Army, Bureau of Fire Protection Imus, Sangguniang Barangay ng Imus, at volunteers.

Bago nagtapos ang AAlab Imus Summer Music Fest, tila nagpahiwatig si Cong. AJ na muling magkakaroon ng libreng concert sa lungsod sa Disyembre ngayong taon.




# First Congressman AJ Cup Inter-cluster Basketball Tournament, pinasinayaan

IMUS Sports Complex — Opisyal nang nag-umpisa ang First Congressman AJ Cup Inter-cluster Basketball Tournament, kalahok ang siyam na clusters sa Imus at ang Team AJAA nitong Abril 22, 2023, sa pamamagitan ng pondong nagmula mismo kay Congressman Adrian Jay "AJ" Advincula, katuwang ang Imus City Sports Development Unit.

Ayon kay Cong. AJ, kung siya ay gagastos, gusto niya itong mapunta sa kapwa niya Imuseño. Isinaad din niya na bagama't pisikal ang larong basketbol, hangad niyang magkaroon pa rin ng respeto ang mga manlalaro sa kanilang kapwa, sa mga coach, at maging sa mga miyembro ng komite.

Binigyang-komendasyon naman ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula si Cong. AJ sa kaniyang inilunsad na programa para mailayo ang mga kabataan mula sa mga bisyo, higit sa pagkalulong sa ipinagbabawal na gamot.

Bukod sa mapayapa at maayos na pagtatapos ng liga, hangad din ni Mayor AA na maging daan ito upang magkaroon ng magandang samahan ang mga kabataang Imuseño.

Dagdag pa ng punong lungsod na maaaring mapasama sa iba pang liga ang mga manlalarong mapatutunayan ang kanilang husay sa larong basketbol.

Bahagi rin ng isinagawang Ceremonial Toss si City Vice Mayor Homer "Saki" Saquilayan, gayon din sina Cong. AJ at Mayor AA.

Naganap din ang Battle of Muse, kung saan hinirang na Best Muse si Rachel Fernandez mula sa Cluster 7.

Sa pagtatapos ng unang tatlong laro, natanggap ng Cluster 6, Cluster 7, at Cluster 1 ang kanilang mga unang panalo kontra sa Cluster 8, Cluster 5, at Cluster 2.

Ang First Congressman AJ Cup Inter-cluster Basketball Tournament ay ang kauna-unahang liga ng basketbol na handog ni Cong. AJ para sa mga kabataang Imuseño.






## 211 Imuseño, nakatanggap ng scholarship at educational assistance

IMUS City Government Center — Sa pangunguna ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, muling nakatanggap ng full scholarship at ng educational assistance ang 211 Imuseñong mag-aaral nitong Abril 19, 2023.

Ang muling pagbibigay nito ay para sa mga iskolar na patuloy na pinatunayan ang kanilang determinasyon at galing sa pag-aaral.

Handog ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang Binhing Advincula Scholarship Program sa mga estudyanteng nasa pribadong eskwelahan, at ang Binhing Advincula Educational Assistance sa mga mag-aaral ng mga pampublikong paaralan mula high school hanggang kolehiyo.




## 426 mag-aaral ng City College of Imus, nagsipagtapos

IMUS Sports Complex — Matagumpay na nagsipagtapos ang 426 na estudyante ng City College of Imus (CCI) mula sa Technical Vocational Department nito noong Abril 12, 2023.

Nagbigay-pagbati sa graduates sina City Mayor Alex "AA" L. Advincula, City Vice Mayor Homer "Saki" Saquilayan, Panauhing Pandangal na si Mr. Jethro Azul Roasa, at Committee Chairperson on Education na si Konsehal Igi-Revilla Ocampo.

Sa kasalukuyan, 22 kurso ang libreng ibinibigay ng Technical Vocational Department ng CCI para sa pagpapabuti pa ng kasanayan ng mga Imuseño.



## HAPAG sa Barangay Project ng DILG, inilunsad sa Imus

MALAGASANG I-G, Imus — Pormal nang pinasinayaan ng Imus City Agriculture Services Office at ng Department of the Interior and Local Government (DILG) ang Halina't Magtanim ng Prutas at Gulay (HAPAG) sa Barangay Project nitong Abril 20, 2023.

Tampok ang Community Garden ng Brgy. Malagasang I-G, iba't ibang tanim na gulay at prutas ang matatagpuan tulad ng okra, pechay, kamatis, kalamansi, mais, at papaya.

Sa kasalukuyan, 14 na barangay ang nagpapatupad ng proyektong ito. Layunin ng Pamahalaang Lungsod ng Imus na maisagawa ito sa 97 barangay.

Dumalo rin dito sina Committee Chairperson on Agriculture Konsehal Totie Ropeta, Liga ng mga Barangay President David Sapitan Jr., City Local Government Operations Officer Joseph Ryan Geronimo, City Administrator Tito Monzon bilang kinatawan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Mr. Jose Rafael Alarcon bilang kinatawan ni City Vice Mayor Homer "Saki" Saquilayan, City Agriculturist Robert Marges, Kapitan Mark Oliver Valerio, at iba pang mga punong barangay ng Cluster 9.

Ang HAPAG sa Barangay Project ng DILG ay isa sa mga isinusulong na solusyon ng pamahalaan sa kawalan ng katiyakan sa pagkain at para mapatibay ang seguridad nito.

## Nego-Karts ng DOLE, iginawad sa 13 Imuseño

IMUS City Government Center — Sa pagtutulungan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus at ng Department of Labor and Employment (DOLE) CALABARZON, nakatanggap ang 13 Imuseño ng Nego-Karts noong Abril 13, 2023.

Ang paggawad ng mga naturang Nego-Kart ay pinangunahan nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula, DOLE Provincial Director Marivic Martinez, at City Vice Mayor Homer "Saki" Saquilayan.

Maaaring maglaman ang bawat Nego-Kart ng frozen goods, rice cake making package, dishwashing liquid products, o welding machine.

Layunin nito na matulungan ang mga benepisyaryo na magkaroon ng bagong mapagkukunan ng hanapbuhay.

Tuloy-tuloy rin ang ugnayan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus at ng DOLE upang malabanan ang tumataas na bilang ng mga nawawalan ng trabaho at matuldukan ang pagtatrabaho ng mga batang menor de edad.



# MAYOR AA, PINANGUNAHAN ANG PAKIKIISA NG IMUS SA EARTH DAY 2023

IMUS, Cavite — Sa mungkahi ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, nakiisa ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pagdiriwang ng Earth Day 2023 nitong Abril 22, 2023, sa pamamagitan ng paglunsad sa Balik Basket at Bayong Program at sa pagsasagawa ng sabayang paglilinis sa mga barangay sa Imus.

Ipinahayag ni Mayor AA na seryoso ang Pamahalaang Lungsod na mabawasan ang paggamit ng plastik sa Imus bunsod ng lumalalang problemang naidudulot nito sa kapaligiran, higit sa mga daluyan ng tubig, na isa sa mga pangunahing dahilan ng tumitinding pagbaha sa lungsod.




Sinimulan ng alkalde ang araw sa pagbisita sa sabayang paglilinis sa Pasong Santol, Brgy. Anabu II-F at sa Malagasang I-E.

Ininspeksyon din niya ang mga sapa at kanal na ayon sa kaniya ay mas dadalasan ang paglilinis ng River Rangers ng Imus City Environment and Natural Resources Office (CENRO) tuwing araw ng Sabado. Ito ay dulot na rin ng tumataas na mga naitatalang kaso ng dengue sa Imus.

Pinuntahan din ni Mayor AA ang Imus Public Market at namahagi ng paunang 200 bayong sa mga mamimili. Isinaad din niya ang lingguhang pamimigay ng mga ito ng CENRO sa iba't ibang pampublikong pamilihan sa Imus tuwing araw ng Sabado upang mahikayat ang mga mamimili, maging ang mga nagtitinda, na iwasan ang paggamit ng plastik.

"Ipakita [natin] na sa Imus, tayo po ay sumusunod sa pagbabawal ng plastik para po sa kalikasan," pahayag ni Mayor AA sa kaniyang pamamahagi ng mga bayong.

Nagpasalamat din ang punong lungsod sa mga punong barangay at kagawad, sa Imus City Engineering Office, at sa Imus City Disaster Risk Reduction and Management Office.

Ang pagbabawal ng paggamit ng plastik sa Lungsod ng Imus ay alinsunod sa Ordinansa Blg. 2012-134, o "An Ordinance Prohibiting the Use of Plastic Bags on Dry Goods Regulating its Utilization on Wet Goods and Prohibiting the Use of Styrofoam/Styropor in the City of Imus and Prescribing the Penalties Thereof."

Nag-umpisa noong 1970, ngayon ay taon-taon nang ipinagdiriwang ang Earth Day tuwing Abril 22. Layunin nito na maitaas ang kamalayan at kaalaman ng publiko tungkol sa mga pangkalikasan at pangkapaligirang isyu na kinakaharap sa bawat panig ng mundo.

Patuloy naman ang pagsusulong ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa mga programang makatutulong sa kalikasan tulad ng solid waste segregation, paglilinis ng mga ilog, Basuraffle, eco bricks, at ang araw-araw na pag-iikot ng Bantay Kalikasan sa mga pangunahing kalsada sa Imus.

# Malawakang pagbabakuna kontra Tigdas, Rubella, at Polio sa Imus, inumpisahan



IMUS City Government Center — Mahigit isang linggo bago isagawa ang malawakang pagbabakuna kontra Tigdas, Rubella, at Polio, idinaos ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang kick-off ceremony ng Measles-Rubella at Oral Polio Vaccine Supplemental Immunization Activity (MR-OPV SIA) nitong Abril 24, 2023 sa pangangasiwa ng Imus City Health Office (CHO).

Pinangunahan ito nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula, City Vice Mayor Homer "Saki" Saquilayan, Committee Chairperson on Health Konsehal Enzo-Asistio Ferrer, at City Health Officer Dr. Ferdinand Mina.

Inirerekomenda ng Department of Health na mabakunahan ang mga chikiting na nasa edad 0 hanggang 59 na buwan ng bakuna kontra Polio habang bakuna kontra Tigdas at Rubella para naman sa mga batang edad 9 hanggang 59 na buwan.

Upang mahikayat pa ang mga magulang na pabakunahan ang kanilang mga anak, inilunsad ang "A Social Media Search for the Fully Immunized Chikiting" sa Lungsod ng Imus.

Sa isinagawang paggawad nitong Abril 26, hinirang bilang Fully Immunized Chikiting si Heiram Hezekiah Urbina matapos makakuha ang kaniyang entry ng humigit-kumulang 2,000 reactions sa official Facebook page ng Pamahalaang Lungsod ng Imus.

Kinilala naman bilang second at third place sina Estelle Luna Bautista at John Ezequiel Estrata na nakatanggap ng 1,100 reactions at 525 reactions.

Bukod sa naiuwing cash prize, ipinagkaloob din sa 9 na kalahok ang libreng Tempra medicine.

Nakatakdang magtalaga ng vaccination sites at magbahay-bahay ang Imus CHO sa mga barangay sa Imus sa buong buwan ng Mayo. Layunin nito na mabigyan ng karampatang proteksyon ang mga bata mula sa mga nakababahalang sakit tulad ng Tigdas, Rubella, at Polio.

Hangad ng Pamahalaang Lungsod ng Imus na marami pang mga magulang ang mahikayat na kumpletuhin ang pangunahing bakuna ng kanilang mga anak.

# APRIL 2023 ISSUE



## MEDICAL MISSION SA IMUS, PINANGUNAHAN NI CONG. AJ

IMUS, Cavite — Umarangkada na ang medical mission na pinangungunahan ni Congressman Adrian Jay "AJ" Advincula nitong Abril 18, 2023, sa SM Center Imus para sa mga barangay na bahagi ng Cluster 1.

Kabilang sa mga ibinigay nitong serbisyo ay ang libreng konsultasyong medikal, laboratory procedures, mga gamot, gayundin ang libreng pneumococcal vaccine para sa senior citizens.

Sa kasalukuyan, humigit-kumulang 500 Imuseño na ang nakatanggap ng atensyong medikal sa pag-iikot ng medical mission sa Brgy. Pag-asa II para sa Cluster 2, sa Brgy. Anabu I para sa Cluster 3, at sa Brgy. Anabu II-B para sa Cluster 4 nitong Abril 20, 25, at 27.

Katuwang din dito ang Cavite Provincial Health Office, ang Imus City Health Office, Barangay Health Workers, at volunteers mula sa Imus Institute Batch '86 Born to Serve Inc.

Nakatakdang magpatuloy ang naturang medical mission hanggang Mayo 11.

Buong suporta rin ang ibinibigay rito ni Gov. Jonvic Remulla, City Mayor Alex "AA" L. Advincula, City Vice Mayor Homer "Saki" Saquilayan, at ang mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus.


## EDITORIAL BOARD

**Editor-in-Chief:**
Ervin Ace H. Navarette

**Managing Editor**
Nikki Elline C. Barco

**Head Writer:**
Francesca Mandac

**Art Director:**
Elai Lardizabal
Ron Diaz

**Photo Credits:**
City Information Office
CTDO

IMUS CIO CITY INFORMATION OFFICE
2nd floor, Imus City Government Center,
Imus Boulevard, Malagasang I-G,
City of Imus, Cavite


